# DAPAT KA BANG MAGPABAKUNA PARA SA HEPATITIS B?

Ang hepatitis B ay isang virus na umaatake sa atay at maaaring maging sanhi ng kanser sa atay.

Maraming tao ang hindi nakakaalam na sila ay may impeksiyon dahil wala silang nararamdaman o hindi sila mukhang maysakit, ngunit maaari nilang maipasa ang virus sa iba.

Mayroong ligtas at mabisang bakuna na makakapigil sa hepatitis B. Kailangan mong makumpleto ang serye ng iniksyon upang maging ganap na protektado.

## Kumakalat ang hepatitis B mula sa:

- Isang buntis papunta sa sanggol sa panahon ng panganganak
- Pagkakadikit sa dugong galing sa isang taong may impeksiyon
- Pakikipagtalik
- Panghihiram ng pang-ahit, sipilyo, o panggupit ng kuko

## SINO ANG DAPAT MAGPABAKUNA

- Lahat ng sanggol
- Lahat ng hindi nabakunahang bata at nasa hustong gulang na may edad na hanggang 59, anupaman ang mga salik na nagdudulot ng panganib
- Mga nasa hustong gulang na may edad na 60 pataas na may mga salik na nagdudulot ng panganib:
  - Ugnayang seksuwal
  - Pagkakadikit sa dugo na percutaneous o mucosal (pumapasok sa balat)
  - Pagbiyahe sa mga lugar na may katamtaman o mataas na antas ng impeksiyon ng hepatitis B
  - Pangmatagalang sakit sa atay o impeksiyon ng HIV

Para sa iba pang impormasyon:

www.cdc.gov/hepatitis/hbv/

doh.wa.gov/hepbhub

Hep B Hub

doh.wa.gov/hepbhub

Washington State Department of Health DOH 420-407 May 2022 Tagalog

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.

Inakma nang may pahintulot mula sa Minnesota Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan ng Minnesota)